Mensahe Anim

## Ang Intrinsikong Kahulugan ng Pagpapadalisay ng mga Nagbalik na Bihag

Babasahin sa Kasulatan: Ezra 9:1—10:44; Neh. 13:23-30a;
Mat. 5:8; Apoc. 21:18b, 21b; 22:4

**I. Ang pagbabawi ng Panginoon ay bukod-tangi, at dapat itong maging lubusang dalisay, payak, at banal, na walang anumang halo; kaya, kailangan natin ng mga Ezra at mga Nehemias upang isagawa ang isang pagpapadalisay na gawain; sa lahat ng mga hakbang ng pagbabawi ng Panginoon, may pangangailangan ng pagpapadalisay:**

A. Dinalisay ni Ezra ang pagbabawi sa pagsasanhi sa "banal na binhi" na maibukod mula sa anumang pagano—Ezra 9:1—10:44:

1. Bago dumating si Ezra, mayroong paghalo sapagkat ilan sa mga Israelita ay nag-asawa ng mga pagano at may mga anak na isinilang sa paghalong ito; ito ay isang sagisag, na dapat nating iaplay sa espirituwal, hindi literal.
2. Sa pagbabawi ng Panginoon ay may pangangailangan ng pagpapadalisay upang ibukod "ang banal na binhi" mula sa anumang pagano—9:1-2:
   a. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang banal na binhi; dapat tayong maging napakadalisay upang ang banal na binhi ay hindi kailanman mahaluan ng anumang pagano.
   b. Kapag ang pagbabawi ay banal, makikita natin ang pagpapala ng Panginoon—Ezek. 34:26.

B. Pagkatapos ng pagtatayo ng bahay, kailangan natin ang pagpapadalisay (makikita sa ilalim ng pangunguna ni Ezra), at pagkatapos ng pagtatayo ng lunsod, kailangan nating muling mapadalisay (makikita sa pagiging lubusan ni Nehemias)—Ezra 9:1-2; 10:1-44; Neh. 13:1-30a.

C. Sa mga ekklesia lokal ay dapat tayong ganap na mapadalisay sa lahat ng paghalo; anumang pangkaraniwan at anumang salungat sa makalangit na kalikasan ng pagbabawi ng Panginoon ay dapat iwaksi—2 Tim. 2:19-22.

**II. Ang Babilonia ay isang paghalo ng mga bagay ng Diyos sa mga bagay ng diyos-diyosan, at ang prinsipyo ng Babilonia ay ang prinsipyo ng paghalo ng mga bagay ng tao sa Salita ng Diyos at ang mga bagay ng laman sa mga bagay ng Espiritu—2 Cron. 36:6-7; Ezra 1:11; Apoc. 17:3-5:**

A. Anumang bahagi ng Babilonia ay karumal-dumal sa paningin ng Diyos, at anumang maka-Babilonia ay nagbibigay ng puwang kay Satanas upang lupigin ang bayan ng Diyos—Jos. 7:1-21.

B. Namumuhi ang Diyos sa prinsipyo ng Babilonia higit sa anumang bagay; kapag lamang nahatulan natin ang lahat ng maka-Babilonia sa loob natin ay saka natin masasabing tayo rin ay namumuhi sa prinsipyo ng Babilonia.

**III. Sa Gawa 21 at sa aklat ni Santiago, mayroong paghalo; inihalo ni Santiago ang Lumang Tipan sa Bagong Tipan, ang bagong pamamalakad sa luma, ang bagong bayan ng Diyos sa luma, at ang bagong tao sa lumang tao—Santiago 1:1, 17-18; 2:1-4, 8-12; 3:2; 4:11-12; 5:10-11:**

A. Hinahantad ng Gawa 21 ang teribleng paghalo sa ekklesia sa Herusalem; sinusunod pa rin ng mga Hudyong mananampalataya ang kautusan ni Moses, nanatili sa Lumang Tipang pamamalakad, at lubhang nasa ilalim ng maka-Hudaismong impluwensya, hinalo ang Bagong Tipang ekonomiya sa napag-iwanang Lumang Tipang ekonomiya—bb. 18-21.

B. Hindi nila batid na ang pamamalakad ng kautusan ay pawang tapos na, na ang pamamalakad ng biyaya ay dapat na lubusang parangalan, at anumang pagwawalang halaga sa pagkakaiba sa pagitan dalawang pamamalakad na ito ay laban sa pampamahalaang administrasyon ng Diyos at magiging isang malaking pagkasira sa planong pang-ekonomiya ng Diyos para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang kahayagan ni Kristo—Juan 1:16-17; Apoc. 2:9.

C. Ang kautusan ay humihiling sa tao ayon sa kung ano ang Diyos; ang biyaya ay nagtutustos sa tao ng kung ano ang Diyos upang matugunan kung ano ang hinihiling ng Diyos; ang biyaya ay ang Diyos na tinatamasa ng tao—Juan 1:16-17; Gal. 6:18; 2 Cor. 13:14; 12:9; 1 Ped. 4:10; Efe. 3:2; 4:29; 6:24.

**IV. Ang isang malaking suliranin sa gitna ng mga anak ng Diyos ay ang paghalo ng sarili sa espiritu—Heb. 4:12:**

A. Ang paghalong ito ang nagdidiskwalipika sa marami mula sa paglilingkod sa Diyos, sapagkat sa kanilang espiritu ay maraming paghalo, na nakakayamot sa Diyos—2 Tim. 1:3.

B. Ang espiritu sa ating kaloob-loobang bahagi ay dalisay at walang dungis; gayunpaman, kapag ang espiritu ay lumalabas at dumadaan sa kaluluwa at katawan, maaari itong makontamina ng karumihan at pagkasira—2 Cor. 7:1.

C. Ang pagtutuos sa espiritu ay nagbibigay diin sa pagtutuos sa mga maruming motibo at mga intensyon at iba pang paghalo sa loob natin—1 Tes. 5:23; 2 Tim. 1:7.

**V. Kailangan nating maging dalisay sa puso, sa budhi, at sa espiritu:**

A. Ang mga dalisay sa puso ay makikita ang Diyos—Mat. 5:8; Job 42:5; Apoc. 22:4:

1. Ang maging dalisay sa puso ay ang maging payak sa layunin, ang magtaglay ng payak na gol sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos—1 Cor. 10:31.
2. Ang dalisay na puso ay isang puso na kinukuha ang Panginoon bilang ang bukod-tanging gol—1 Tim. 1:5; 2 Tim. 2:22; Aw. 73:1.
3. Sa Bagong Tipang pakahulugan, ang pagkakita sa Diyos ay katumbas ng pagtatamo sa Diyos, at ang tamuhin ang Diyos ay ang tanggapin ang Diyos sa Kanyang elemento, buhay, at kalikasan upang tayo ay mabuuan ng Diyos; ang pagkakita sa Diyos ang nagtatransporma sa atin, sapagkat sa pagkakita sa Diyos tayo ay tumatanggap ng Kanyang elemento tungo sa loob natin, at ang ating lumang elemento ay natatanggal—2 Cor. 3:18.
4. Ang makita ang Diyos ay ang matransporma tungo sa maluwalhating larawan ni Kristo, ang Diyos-tao, upang maihayag natin ang Diyos sa Kanyang buhay at katawanin Siya sa Kanyang awtoridad—1 Juan 3:1-3; Gen. 1:26.
5. Dapat tayong maging dalisay sa puso at payak para sa pagbabawi ng Panginoon; sa gayon lamang tayo magiging isang tulong sa pagbabawi—1 Tim. 1:5; 2 Tim. 2:22; 1 Ped. 1:22.

B. Kailangan nating magtaglay hindi lamang ng mabuting budhi bagkus gayundin ng isang dalisay na budhi—Gawa 23:1; 24:16; 1 Tim. 3:9; 2 Tim. 1:3:

   1. Ang mabuting budhi ay isang budhing walang sala tungo sa Diyos at sa tao—Gawa 23:1; 24:16.
   2. Ang dalisay na budhi ay isang budhing napadalisay sa anumang paghalo; ang gayong budhi ay nagpapatotoo na, gaya ni Pablo, tayo ay naghahanap lamang sa Diyos at sa Kanyang kalooban—2 Tim. 1:3.

C. Ang unang kwalipikasyon sa loob ng gawain ay kadalisayan ng espiritu—2 Cor. 6:4a, 6:

   1. Napakahirap makasumpong ng isang taong dalisay ang espiritu (7:1); ang kadalisayan ay ang paunang kahilingan sa pangunguna at isang pangunahing kundisyon ng ating paglilingkod (1 Tim. 3:9; 1:5); ang suliranin ng paghalo ay ang pinakamalaking suliranin sa gitna ng mga manggagawa; ang di-kadalisayan ay madalas na pinagmumulan ng di-pagkakaunawaan at paghihinala (2 Tim. 1:3; 1 Tim. 3:9; Tito 1:15).
   2. Kailangan nating lubusang tuusin ang lahat ng paghahalo sa ating espiritu upang kapag napalaya ang ating espiritu, ito ay hindi magiging mapanganib o magsasanhi ng gulo sa iba.
   3. Kung nais nating magamit ng Diyos, dapat mapalaya ang ating espiritu, at ang ating espiritu ay dapat maging dalisay—2 Cor. 6:4a, 6.

**VI. Ang lunsod ng Bagong Herusalem ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin, at ang lansangan ng lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng naaaninag na salamin—Apoc. 21:18b, 21b:**

A. Ang ginto ay sumasagisag sa kalikasan ng Diyos; ang pagiging dalisay na ginto ng lunsod ay nagpapahiwatig na ang lunsod ay sa dibinong kalikasan at kinukuha ang dibinong kalikasan bilang elemento nito—b. 18b.

B. Ang dalisay na gintong lansangan at ang lunsod ay gaya ng salamin, sumasagisag na ang buong lunsod ay naaaninag at ni katiting ay malabo—b. 21b:

   1. Kung kukunin natin ang kalikasan ng Diyos bilang ating bukod-tanging daan, tayo ay magiging dalisay, na walang anumang paghalo, at naaaninag, na walang anumang kalabuan.
   2. Kung tayo ay nasasalinan at nabababaran ng Espiritung nagbibigay buhay, ang ating panloob na katauhan ay magiging naaaninag at sinlinaw ng kristal—2 Cor. 3:8-9, 18.

C. Kung nais nating magkaroon ng tunay na buhay ekklesia, ang ekklesia mismo ay dapat maging dalisay na ginto, yaon ay, lubusang sa dibinong kalikasan; dito ay kailangan natin ang gawain ng krus upang linisin tayo at dalisayin tayo—Apoc. 1:11, 20.

D. Ang kaibahan sa pagitan ng lumihis na Kristiyanismo at ng tunay na ekklesia ay yaong ang isa ay paghalo at ang isa ay dalisay; ang mga ekklesia lokal, gaya ng Bagong Herusalem, ay dapat maging sinlinaw ng kristal, na walang anumang halo—22:1.

*© 2022 Living Stream Ministry*